Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPU'T TATLO (43RD) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG HUNYO 8, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-nakadalo :

Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay, O.B.

KAUTUSAN BLG. 2026-2498

KAUTUSAN NA NAGPAPATIBAY SA MINIMUM FARE GUIDE NG TAONG 2026 PARA SA PEDICAB/ E-BIKE FOR HIRE SA BARANGAY TUNTUNGIN-PUTHO AT BARANGAY ANOS, LOS BAÑOS, LAGUNA, NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN KAUGNAY NITO, AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, ang mga bayan, sa pamamagitan ng kani-kanilang Sangguniang Bayan, ay may kapangyarihang mag-regula ng mga lokal na serbisyo sa transportasyon, kabilang ang tricycle, pedicab, at iba pang katulad na sasakyang pampasahero, alinsunod sa Republic Act No. 7160 o ang Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Los Banos ay nagpasa ng Kautusan Blg. 2012-1162 na may petsang Agosto 13, 2012, na pinamagatang "Kautusang Pambayan sa Pangangasiwa ng Pagbibigay ng Prangkisa sa Operasyon ng Pampasadang Pedicab (Padyak), Pagpapatupad ng mga Panuntunan at Multa para sa mga Paglabag dito sa Bayan ng Los Baños, Laguna";

SAPAGKAT, ang MTPFRB ay inaatasang mangasiwa sa operasyon ng traysikel, pedicab, at e-bikes-for-hire sa loob ng bayan ng Los Baños, kabilang ang pagrerekomenda ng angkop na pamasahe;

SAPAGKAT, ang pedicab at e-bikes-for-hire ay nagsisilbing mahalagang paraan ng transportasyon sa loob ng Munisipalidad, lalo na sa mga panloob na kalsada, residential areas, at maiikling biyahe na hindi regular na sinisilbihan ng tricycle;

SAPAGKAT, idineklara sa pamamagitan ng Executive Order No. 110 ang *State of National Energy Emergency* at hinihikayat ang mga Local Government Units na magpatupad ng mga hakbang upang mabawasan ang epekto nito sa sektor ng transportasyon;

SAPAGKAT, patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin, serbisyo, at iba pang gastusin, na nagdudulot ng pagtaas ng pang-araw-araw na gastusin at operational costs ng mga drayber at operator;

SAPAGKAT, ang epekto ng inflation ay lubos na nagpapababa sa tunay na kita ng mga drayber ng pedicab at e-bike, na nakaaapekto sa kanilang kakayahang suportahan ang kanilang kabuhayan at pamilya;

SAPAGKAT, bagama't hindi direktang gumagamit ng gasolina ang pedicab at e-bikes, apektado pa rin ang mga operator ng pagtaas ng gastos sa maintenance, piyesa, kuryente o battery charging, at pangkalahatang gastusin sa pamumuhay;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang pamasahe para sa pedicab at e-bikes ay nananatiling hindi nababago mula pa noong Hulyo 2018 at hindi na naaayon sa kasalukuyang kalagayang pang-ekonomiya;

SAPAGKAT, ang pedicab/ E-bike for hire para sa Brgy. Tuntungin-Putho at Brgy. Anos, Los Baños, Laguna ay pormal na humiling ng pagtaas ng pamasahe para sa pedicab at e-bikes dahil sa patuloy na pagtaas ng gastusin sa operasyon at pamumuhay;

SAPAGKAT, kinakailangan nang i-update at iayon ang istruktura ng pamasahe upang matiyak na ito ay makatarungan, makatwiran, at patas para sa parehong operator at mananakay;

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ang pangangailangang magpatupad ng mga hakbang na makatutugon sa kapakanan ng sektor ng transportasyon at ng publiko;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Rand Edouard R. De Jesus, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **MAIKLING PAMAGAT.** Ang kautusang ito ay tatawaging *"Kautusan sa Pagpapatibay ng 2026 ECABODA ng Barangay Tuntungin-Putho at RHOPODA ng Barangay Anos Minimum Fare Guide ng Bayan ng Los Baños."*

SEKSYON 2. **SAKLAW.** Ang kautusang ito ay eksklusibong sasaklaw sa mga pedicab at e-bikes-for-hire na pinapatakbo ng mga miyembro ng ECABODA at RHOPODA sa loob ng Bayan ng Los Baños, Laguna.

SEKSYON 3. **PAGPAPATIBAY NG *2026 ECABODA AT RHOPODA MINIMUM FARE GUIDE.*** Ang ECABODA at RHOPODA Minimum Fare Guide ng taong 2026 ay pinagtitibay at inaaprubahan bilang opisyal na talaan ng pamasahe.

Ang nasabing Minimum Fare Guide, kabilang ang mga tiyak na ruta, kaukulang pamasahe, at pagbibigay ng dalawampung porsiyento (20%) diskwento para sa Senior Citizens, Persons with Disabilities (PWDs), at mga estudyante alinsunod sa batas, ay kalakip bilang Kalakip "A" at Kalakip "B" ay itinuturing na bahagi ng kautusang ito.

Ang nasabing Minimum Fare Guide ay mananatiling permanente, ngunit sasailalim sa pana-panahong pagsusuri at pag-aayos ng Sangguniang Bayan batay sa rekomendasyon ng MTPFRB upang matiyak na ang pamasahe ay nananatiling makatarungan at naaayon sa kalagayang pang-ekonomiya.

SEKSYON 4. **PAGLALAGAY NG FARE MATRIX.** Lahat ng pedicab at e-bikes-for-hire na saklaw ng kautusang ito ay kinakailangang magpaskil ng aprubadong Minimum Fare Guide sa loob ng sasakyan, sa isang lugar na malinaw na makikita ng mga pasahero sa lahat ng oras.

SEKSYON 5. **PAGSUSURI AT PAG-AAYOS NG PAMASAHE.** Ang MTPFRB ay magsasagawa ng pana-panahong pagsusuri sa Minimum Fare Guide, kusa man o batay sa kahilingan ng anumang sektor.

Kapag napatunayang kinakailangan ang pagbabago batay sa umiiral na kalagayang pang-ekonomiya, maaaring aprubahan ng Sangguniang Bayan, sa rekomendasyon ng MTPFRB, ang kaukulang pagbabago sa pamasahe upang matiyak na ito ay nananatiling makatarungan at patas.

SEKSYON 6. **PAGPAPATUPAD.** Ang Transportation Regulation Unit (TRU) ang mangangasiwa sa pagpapatupad ng kautusang ito.

SEKSYON 7. **SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinmang probisyon, seksyon, o bahagi ng kautusang ito ay ideklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa, ang ibang mga bahagi o probisyon na hindi apektado ay mananatiling ganap na may bisa at ipatutupad.

SEKSYON 8. **SUGNAY NG PAGPAPAWALANG BISA.** Lahat ng mga kautusan, alituntunin, at regulasyon, o bahagi nito, na sumasalungat o hindi kaayon sa mga probisyon ng kautusang ito ay binabawi, binabago, o inaamyendahan nang naaayon.

SEKSYON 9. **PAGKAKABISA.** Ang kautusang ito ay agad na magkakabisa matapos itong maaprubahan at maipaskil sa hindi bababa sa tatlong (3) lantad na lugar sa loob ng Bayan ng Los Baños.

4.00 Kautusan Blg. 2026-2498 06/08/2026

PINAGTIBAY : Hunyo 8, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONA T. ALBORIDA– DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PJ A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan

KALAKIP "A". KAUTUSAN BLG. 2026-2498

TUNTUNGIN-PUTHO ROUTE GUIDE

ROUTE (VICE VERSA) Engineering to Tuntungin- Putho	SOLO PASSENGER		20% SENIOR/STUDENT/PWD		SPECIAL TRIP	
	EXISTING FARE (Php)	REGULAR FARE (Php)	EXISTING FARE (Php)	REGULAR FARE (Php)	EXISTING FARE (Php)	REGULAR FARE (Php)
Buot	15.00	20.00	12.00	17.00	30.00	40.00
Hillside LOOB	18.00	23.00	16.00	20.00	36.00	46.00
Hillside LABAS	15.00	18.00	13.00	15.00	24.00	36.00
Labadan LABAS	15.00	18.00	13.00	15.00	30.00	36.00
Catalina LABAS	15.00	18.00	13.00	15.00	30.00	36.00
Catalina LOOB	20.00	25.00	18.00	22.00	40.00	50.00
Maligaya Drive/Pleasant Village College Ville/ Tahanan ng Ama (LABAS)	20.00	25.00	18.00	22.00	40.00	50.00
College Ville LOOB	25.00	30.00	23.00	27.00	50.00	60.00
Pleasant Villge LOOB	24.00	29.00	22.00	26.00	44.00	58.00
L.A LABAS	22.00	27.00	20.00	24.00	44.00	54.00
Tulay/ C5/Nayon	22.00	27.00	20.00	24.00	44.00	54.00
Villegas	21.00	26.00	19.00	23.00	42.00	52.00
Gitna/Terminal/Old Barangay Hall/Kanto ng Yakal	25.00	30.00	23.00	27.00	50.00	60.00
Molave/Dapdap/Dao/Sipit Kamagong/Ipil-ipil	25.00	30.00	23.00	27.00	50.00	60.00
CarangalLOOB/Cas Ville/Putho	30.00	35.00	27.00	32.00	60.00	70.00
GKLB VILLE	45.00	50.00	43.00	47.00	90.00	100.00
Tulay Terminal to IRRI ()vice versa	17.00	22.00	15.00	19.00	34.00	44.00
Terminal Gitna to IRRI ()vice versa	20.00	25.00	18.00	22.00	40.00	50.00
Pleasant/College Ville/Tahanan ng Ama to IRRI (vice versa)	17.00	22.00	15.00	19.00	34.00	44.00

KALAKIP "B". KAUTUSAN BLG. 2026-2498

RHOPODA Proposed Minimum Fare Guide

Routes	Existing Fare (Php)	Proposed Fare Increase (Php)		
		Regular Fare	Special Trip	Discounted for Student/ Senior Citizens / PWD
PIPIT ST.	10	15		12
SIPIT ST.	10	15		12
LAWIN ST.	10	15		12
TIKLING ST.	10	15		12
TIKLING BUKANA	15	20		16
TIKLING EXT.	20	25		20
PUGO ST.	20	25		20
SAN ISIDRO	20	25		20
BALASA APART.	15	20		16
CJ APART	25	30		24
RIZALINA APART.	20	25		20
GUARD HOUSE	20	25		20
ARAGON RESORT	20	25		20
OLIVAREZ			50	
PUBLIC MARKET			60	
LOPEZ AVE.			80	